# Ang mga Beterano

JOSELITO DE LOS REYES

Nag-aalinlangang pinirmahan ni Dwight ang espasyo sa affidavit na minamadaling papirmahan sa kaniya ng beteranong si Mang Luis. Pinamarkahan din ng beterano kay Dwight ng kanan niyang thumbmark ang tabi ng pirma. Limang ulit sa limang magkakatulad na affidavit. Nanginig ang pagpirma ni Dwight. Sa kaniyang pagkakaupo, nakapatong lamang sa hita niya ang limang magkakapatong na dokumentong lalagdaan. Walang mesa sa labas ng munisipyo, pawang mahahabang bangkong nakahilera sa harap ng gusali, pinapayungan ng mga punong akasya. Sa ikatlong dokumento, ginawa nang patungan ni Dwight ang mismong upuang kahoy para hindi mahirapan sa pagpirma.

Dapat daw tandaan ni Dwight ang pirma dahil iyon na ang gagamitin niya sa matagal na panahon na kailangan niyang ilagda ang kaniyang pangalan. Pero hindi niya inakalang ganoon kasagwa ang kalalabasan ng kaniyang kung tutuusi'y unang opisyal na pirma sa labas ng mga dokumentong pampaaralan. Hindi niya gusto. Pero iyon na raw iyon, sabi ni Mang Luis. Kapag may pinapirmahan daw uli sa kaniya, dapat katulad na katulad. Sa mga darating pang araw ng pag-aareglo sa mga papeles ng college scholarship benefit ni Dwight bilang anak ng beterano at paglilipat ng pensyon ng yumaong ama sa kaniyang ina, iyon na raw dapat ang gagamiting pirma. Iyong kaunting taas-babang guhit, iyong kaunting bilog-bilog na letra, iyong dalawang pahalang na guhit na mistulang binubura ang unang isinulat, iyong mariing paglipad ng buntot ng "a" paibabaw sa mga titik bilang pagtatapos sa pirma, iyon ang tatak ng pangalan niya.

Bahagya nang maaninag ang "Dwight C. Goyena" sa napilitang lagda. Palibhasa'y nasanay siya mula grade four na print ang sulat. Hindi niya kailanman nagamit ang kabit-kabit na sulat buhat noong matapos ang grade three na buong taon niyang ginawa ang pagsulat nang pangit na kabit-kabit dahil sa utos ng guro. At dahil kabit-kabit dapat lagi ang pirma batay sa

mga nakikita niyang pirma sa kung ano-anong dokumento kasama na ang pirma ng mga presidente sa perang papel, naobliga si Dwight na sumulat nang kabit-kabit. Ni hindi man lang siya pinaghanda at pinagpraktis upang magkaroon siya ng masasabing maayos na lagda.

"Bakit naiba na? Hindi ka pa ba nakakapirma kahit kelan?" Naiiritang usisa sa kaniya ni Mang Luis, pitumpo't limang taong gulang. Sa kabila ng edad, hindi kababakasan ng hukot o panghihina ang beteranong fixer na beterano rin talaga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Matikas. Gupit-militar pa rin. Nakaparagan lagi ang polo sa islaks na pantalon sa tuwing lalakad sila sa munisipyo ng Valenzuela, sa PVAO sa Arroceros, sa JAGO sa Camp Aguinaldo, sa Records Division ng Camp Crame, sa tanggapan ng Registrar at Census sa Quezon City, sa munisipyo ng Obando kung saan ikinasal ang magulang ni Dwight, at sa iba pang tanggapan upang ayusin ang mga benepisyo para sa naulilang pamilya ng yumaong si Sarhento Ricardo Goyena.

Hindi masabi ni Dwight sa nag-aareglong beterano na dalawang beses lang siyang pumirma sa kabuuan ng kaniyang high school, una sa isang dokumentong pinapirmahan sa kaniya ng guidance counselor ng Malinta National High School na nagsasaad na hindi na siya magsusugal uli sa loob ng kanilang iskuwelahan dahil nahuli siya, kasama ng tatlong iba pa, na naglalaro ng Super Trump na may piso-pisong tayaan. Ikalawa ang pagpirma niya sa kaniyang ID na isang kartong kulay asul na nabili niya ng sampung piso sa gwardya ng iskuwelahan. Nalublob kasi sa baha ang orihinal na ID na inisyu sa kaniya. Bukod sa dalawang pagkakataong iyon, wala na siyang matandaang dumutdot ng tinta na matatawag na pirma sa anumang mahalagang papel. Iyon lang ang tanda niyang pagsulat o pagdutdot na malapit-lapit sa tawag na pirma, na wala nang halaga dahil nakatapos na siya ng high school noong nagdaang buwan.

Nagtagal sila ni Mang Luis sa munisipyo noong araw na papirmahin siya sa limang magkakatulad na affidavit na nagpapatunay na nagtapos na siya ng high school at karapat-dapat na, at karapat-dapat pa, sa scholarship. Nagpanotaryo pa sila ng kung ano-anong dokumento, kumuha ng sedula para magamit ang numero sa affidavit, nakipag-usap sa Valenzuela Veterans Federation Office para sa kinakailangang sertipikasyon, nagpa-photocopy ng mga papel-papel na nagpapatunay na siya nga ang nag-iisang anak sa ikatlong asawa ng beterano ng digmaang si Sarhento Ricardo Goyena, ang amang namatay dahil sa istrok cum diabetes at alta presyon noong Pebrero,

isang buwan bago magtapos si Dwight sa Malinta National High School. Si Ricardo Goyena na tulad ni Mang Luis, pitumpo't limang taon at kapwa nito beterano. Pero kaiba kay Mang Luis, si Ricardo Goyena ay rebulto ng kahinaan ng katawan sa kabila ng kalaparan ng kaha nito hanggang mamatay. Nag-ulap sa cataract ang mata ng sarhento, nag-ulap din ang bumbunan dahil sa masaganang uban, at nag-ulyanin isang taon bago mamatay. Kaibang lalo kay Mang Luis dahil tatlo ang naging asawa ng sarhento at nagkaanak pa sa edad na limampu't walo, habang si Mang Luis ay hindi nagkaanak sa asawa nitong si Aling Estela.

Tanda pa ni Dwight ang lumalabong salaysay ng ama na nagsimula noong third year high school siya. Naisip ni Dwight, ganoon pala ang nag-uulyanin, nagsasalaysay ng mga kuwentong hindi nagtatagpo-tagpo ngunit taglay pa rin ang gilas at aksyon ng nakaraan. Ipinahahanap kay Dwight ng kaniyang ama sa kung saang gubat sa Cabiao, Nueva Ecija si ganoon at ganitong gerilya. Ipinapaabot kay Dwight ang iba't ibang mensahe ng atake, atras, tago, matyag, sa kung saang lugar na hindi pa niya nararating: Baler, La Union, Calauag, Naga, Daraga, Leyte. Napapalamutian ng detalye ng lugar: sa likod ng simbahan sa kanan ng kumbento, sa tabi ng narra malapit sa tambak ng giniikan, sa tabing-ilog malapit sa prinsa, sa sementeryo sa loob mismo ng museleo ng mga Pransiskano. Mula noon, madalas, hindi na siya si Dwight na anak ng beteranong sarhento. Kabo ang tawag sa kaniya ng ama, konsehala o nars si Sis. Gabriela o Sis. Gab at Lieutenant Curtis naman ang tawag sa kuya niyang ang pangalan talaga ay Gregorio o Goyo, at si Doktora Isabel ang kaniyang ina na ang totoong pangalan ay Veronica, ang huling asawa ng sarhento. Madalas, sa tuwing itutulak ni Dwight ang wheelchair, minumura siya ng kaniyang ama sa mga tawag ng hindi niya kilalang apelyido.

“Tarantado ka, Sanchez. Puntahan mo si Tinyente sa Bambang. Wala na tayong bala ng karbin!” isisinghal ng sarhento kapag nagpapaaraw sa bakuran.

“Balmeo, maghihintay kami sa bulaos ng Entablado. Sumama kayo sa patrulya pa-San Leonardo,” ibubulong naman ng sarhento kapag inihahanda na niya sa sala ang maliit na altar tuwing Linggo kapag dumarating ang lay minister na magsusubo ng ostiya kay Ricardo Goyena.

Magmula nang lumabo ang alaala, maraming pagkakataong humahagulgol si Sarhento Kardo. Humahagulgol nang nagmumura. Galit. Lipos ang sigaw ng mga punyeta, mga simbergwensa, mga anak-ng-puta sanhi ng mga hindi nasunod na utos, ng katangahan, ng karuwagan. Tinatawag niyang duwag at taksil ang lahat maging ang kaniyang mga anak sa unang asawa—sina Sis. Gab

at Kuya Goyo nga—sa tuwing dadalaw sa kanilang lumang bahay. Tinatawag ni sarhento na espiya ang kaniyang ikatlong asawa—ang nanay ni Dwight—sa ilang pagkakataong dudulutan siya nito ng pagkain sa pagkakaupo sa wheelchair o sa tuwing paliliguan. O sa tuwing papalitan ng diaper.

"Kumusta ka, palamara? Walang mararating ang paghimod mo sa tumbong ng mga sakang," isusumbat ng sarhento sa asawang nagkalyo na ang tainga sa mga mura, pang-uusig, panunumbat, at pang-iinsulto na ang tanging batayan ay limot na nakaraan ng beterano, nakaraang, sabi nga ng ina ni Dwight, ay bangungot sa kaniyang ama.

"Wala pa bang Kano? Napakatagal, anak ng puta," hindi lilimang beses iniimik ni Sarhento Kardo kapag nagliligpit na si Dwight ng pinagkainan.

"Wala pa po, Sarhento Kardo," ibubulong ni Dwight habang pinupunasan ang mesang may sambulat ng mumo. "Pero parating na, hintay-hintay lang. Relaks."

Noong unang lumabas ang sintomas ng pag-uulyanin, nakikipagtalo pa ang buong pamilya sa kaniyang ama. Nagsisigawan, nagtataasan ng boses. Sasagutin ng ina ni Dwight ang beteranong asawa ng "Nauulol ka na bang matanda ka?!" habang nagpipigil sa pag-iyak, habang pinipilit magtagpo ang lohika ng salaysay.

Nang ipa-check-up sa Veterans Hospital ang beterano, nakumpirma ang hinala. Ulyanin na ang sarhento. Pakisamahan na lang daw dapat ng mga kahalubilo sa buhay: kapamilya, kasamahan dati sa pulisya, mga kapwa beterano, maging ang lay minister na lingguhang nagsusubo ng ostiya sa sarhento. Kung kaya rin lang, gampanan ang hinihinging papel sa salaysay—sundalo, espiya, pari, komander, sibilyan, Hapon—upang mapapayapa ang beterano. Tutal, hindi rin daw mananalo ang kahit sinong may kukote sa argumento ng isang ulyanin kaya dapat pagbigyan na. Ayon sa doktor na tumingin, alalahanin na lamang ang hygiene, bitamina, at ang mga gamot sa diabetes at alta presyon ng tatay ni Dwight.

Sa simula, minsan lamang isang linggo ang pagpapalaot ni Sarhento Kardo sa madawag at malabong gunita. Makalipas ang isang araw, matapos matulog at mamahinga, siya na uli ang beteranong nasa wheelchair, putol ang paa dahil sa diabetes. Malinaw na uli ang utos. Lohikal. Nakasalig na sa totoong nangyayari. Wala na ang salimuot ng guniguni. Nakakapirma na uli sa pensyon. Ngunit habang lumalaon, naging dalawa o tatlong araw ang paglimot. Hindi alam ni Dwight at ng kaniyang mga kapatid at ina kung ulyanin pa ba ang ama sa argumento't salaysay ng buhay. Ilang buwan pa at

halos araw-araw na ang “digmaan” sa kanilang bahay. Wala na ang bahid ng katinuan at tagni-tagni ngunit malinaw na nakaraan. Ang tsekeng pensyon at reseta ng doktor ay nagiging mandamyento de aresto, logistics order para sa tropang gerilya, mensahe buhat sa reinforcement na Kano, service record para sa USAFFE, checklist ng inaasahang ayuda ng armas buhat sa ibang yunit ng gerilya.

Dalawa ang anak ni Sarhento Kardo sa unang asawa. Matapos diumanong makatakas sa Death March sa Bataan noong 1942, nakilala ng sarhento na noo'y korporal pa lamang ng USAFFE ang isang dalagang taga-Baliwag. Patakas ding iniuwi ni Sarhento Kardo sa Malinta ang dalaga ng Baliwag noong manapos-napos ang 1942. Nang sumunod na taon, ipinanganak si Gregorio, ang Kuya Goyo ni Dwight, na isinunod sa isang bayaning Bulakenyo ang pangalan. Bago mag-isang taon ang panganay, umalis si Sarhento Kardo para maggerilya sa Nueva Ecija at Bulacan hanggang matapos ang digmaan. Sa loob ng halos tatlong taon ng paggegerilya, bumabalik-balik lang siya sa Malinta para makita ang kalagayan ng kaniyang mag-ina. Minsa'y may dalang bigas, minsa'y saging na saba, madalas ay tapang karne ng kung ano-anong hayop: baka, baboy, baboy ramo, kambing, kalabaw, bayawak, kabayong maganit.

Taong 1947 naman isinilang si Sis. Gabriela na ipinangalan kay Gabriela Silang. Nang makatapos ng high school sa Obando ang ate ni Dwight, nag-empake't nagtungo ito sa beaterio ng Hijas de Jesus sa Sampaloc, Maynila. Nag-abito't naging ganap na madre matapos ang walong taon kasama ang pagtatapos din ng kursong Psychology sa paaralang pinalalakad ng kanilang konggregasyon sa Pototan, Iloilo, ang Colegio de la Inmaculada Concepcion. Ito ang laging binabanggit-banggit na pangarap ng sarhento sa mga kasamahan sa militar, ang magmadre ang kaniyang anak na babae, para may padrino siya sa langit. Kung saan-saang paaralan sa kapuluang pinalalakad ng kanilang konggregasyon nadestino ang madre bilang titser, bilang librarian, bilang guidance counselor, at noong mga huling taon ng pagkakasakit ng amang beterano, bilang principal at direktor. Nakarating na rin sa Europa si Sis. Gab. Ipinadala ng konggregasyon para mag-aral ng masterado sa España para maging karapat-dapat na principal at direktor ng mga paaralan.

Noong Pebrero ng 1986, nagkaroon ng marahas na pagtatalo ang bumibisitang madre at ang amang sarhentong nasaksihan mismo ni Dwight—na noo'y grade three pa lang—sa sala ng kanilang bahay. Nagsimula ang lahat nang matuklasan ni Sarhento Kardo na kinakampanya ni Sis. Gab sa pamamagitan ng liham, ang kaniyang Kuya Goyo at ang kaniyang ina,

na iboto si Cory. Namula sa galit ang sarhentong noo'y retirado na bilang pulis at masugid na kampanyador na lamang sa balwarte ng kaniyang among gobernador ng Bulacan.

"Kay Marcos ko kinukuha ang pambuhay sa pamilya ko," mahina ang boses ng sarhento pero naroon ang gigil, ang kinikimkim na galit, ang panunumbat. Walang kapayapaan ang mensahe. "Inuutusan na ba kayo ni Kristong mangampanya ngayon?"

"Opo, para sa gaya n'yong nanonortyur bilang kabuhayan!" Noon lang narinig ni Dwight ang kapatid niyang madre na magtaas ng boses. Hindi niya mapagtagpo ang dahas sa mukha ng dati rati'y tahimik, palangiti, at puno ng kalingang mukha ni Sis. Gab. Hindi rin niya maintindihan noon kung tungkol saan ang usapan. Lumabas ng bahay ang kapatid na madre, nangingilid ang luha, sinakyan ang unang traysikel na dumaan.

Bago mapatalsik si Marcos, sa kabila ng galit ng ama, isa si Sis. Gab sa nanguna para makapunta sa EDSA ang mga taga-Malinta. Isa-isang hiniraman ng madre ng mga sasakyan ang mayayaman sa barangay na alam niyang nangampanya, palihim man o hayag, at bumoto kay Cory. Nangilak siya ng panggasolina, pumunta sa Daily Bread Bakery para manghingi ng tinapay na dadalhin sa EDSA, humingi ng maraming rosaryo sa kaniyang Mother Superior para ipamigay sa mga sundalong nasa panig ni Marcos, at nakiusap sa may-ari ng Melinda's Flowershop na ibenta sa kaniya nang halos palugi ang mga bulaklak na ipamimigay din sa mga nagproprotesta sa harap ng Camp Aguinaldo.

Kahit na malamig ang tingin sa isa't isa ng mag-ama lalo na nang maluklok si Cory, at mapagtatalo sa eleksyon ang among gobernador ni Sarhento Kardo—una bilang gobernador, sumunod bilang congressman—nagkakasundo naman sila sa isang bagay, ang pagpariin si Dwight kung kaya din lang suportahan. Kaya kapag may pagkakataon, isinasama ng sarhento ang kaniyang bunso sa Immaculate Concepcion Seminary sa Guiguinto, Bulacan noong elementarya pa ito. Habang naglalakad sila sa malawak na kampus na nalililiman ng mga punong makopa inuukilkil na mag-aaral siya sa seminaryo matapos ang elementarya para maging pari. Kapag naman umuuwi sa Malinta dahil sa minsan sa anim na buwang retreat si Sis. Gab, hindi nito nakakalimutang ipaalala sa bunsong kapatid-sa-ama na pagbutihin ang pag-aaral para makapasa sa seminaryo, para hindi nakahihiyang ihanap ng isponsor sa mahaba at siguradong magastos na pag-aaral upang maging pari.

Na kalauna'y hindi na natuloy dahil sa pagkukuli ni Dwight na mapawalay sa magulang nang matagal, lalo na sa kaniyang ina. Pero naroon pa rin ang panghihikayat ng kapatid na madre sa tuwing magkikita sila nito noong first year at second year high school si Dwight. Nang magsimulang mag-ulyanin ang ama, halos hindi na dumadako sa seminaryo sa Guiguinto ang usapan.

"Pwedeng-pwede ka naman sa PUP, lahat ng kursong gusto mo naro'n. Mura pa. Mas marami kang matututuhan, hindi lang academics," ibibilin ng kapatid na madre ni Dwight. Uulitin pa ang tagubiling ito sa tuwing magkikita sila ng kaniyang ate. Magtatanong ang madre kung ano na ang napupusuang kurso sa PUP; kung kaya na raw ba niyang mamasaheng mag-isa mula Malinta hanggang Sta. Mesa; na marami siyang kaibigang propesor na makatutulong sa kaniya sakaling makatapos na ng high school.

Samantala, buhat nang mamatay ang unang asawa ng sarhento dahil sa kanser sa suso, nakatira na sa isang looban sa Barangay Subic sa Baliwag, sa poder ng pamilya ng kaniyang ina ang Kuya Goyo ni Dwight. Sa Baliwag na rin permanenteng nadestino bilang titser ng Mathematics sa high school ang panganay na anak ng sarhento buhat nang makatapos sa PNC. Doon na rin nito nakilala ang mapapangasawa, isang co-teacher na taga-San Ildefonso. Ngayon, bibihirang pagkakataon kung makauwi ang kaniyang Kuya Goyo at ang pamilya nito sa Malinta. Ang huli nga ay nang mamatay si Sarhento Kardo noong Pebrero. Kamatayang hindi na pinagtakhan ng mga anak-sa-una at asawa sa kasalukuyan.

Mahina na ang beterano, balita nila sa paminsan-minsang pagtanggap ng sulat buhat kay Dwight. Mahina na at ulyanin. Gayunman ay hindi nakalilimot magpadala ng buwanang money-order ang panganay. Limandaan noong malakas-lakas pa, tumaas sa sanlibo nang mahina na ang beterano at nangailangan na ng mas maraming gamot lalo na ang iyong wala sa supply na nakukuha mula sa benepisyo sa Veterans Hospital. Wala namang inasahang anumang tulong na pera buhat sa madreng walang suweldo. Pabirong sabi nga ni Sis. Gab, "dasal at pamisa na lang ang toka ko kay Amang."

Taong 1965 nang mamatay dahil sa kanser sa suso ang unang asawa ni Sarhento Kardo na noo'y aktibo bilang pulis-bodyguard ng kauupong gobernador ng Bulacan na dating meyor ng Valenzuela. Matapos ang isang taon ng pagdadalamhati, ipinakilala sa kababaryo sa Malinta, katrabaho sa pulisya, at sa kaniyang mga anak-sa-una ang bago niyang asawa, isang matandang dalagang taga-Pandi.

Hindi nagkaanak ang mag-asawa. Naging aktibo sa simbahan ng Malinta ang babae samantalang higit na abala ang sarhento dahil sa tungkulin sa gobernador. Pulis ang sarhento pero marami siyang inaasikasong malayong matawag na pampulis. Ang sarhento ang katiwala ng mga palaisdaan ng gobernador sa Atlag sa Malolos at manukan sa Sta. Maria, siya ang nangangasiwa ng seguridad ng kampanya ng gobernador saan man sa Bulacan magawi, siya ang namamahala sa pagsasaayos—dapat ay walang bahid ng protesta o rebelde o taong-labas—sa mga lugar na daratnan kapag bibisita sa Bulacan si Marcos at Imelda o sino mang ministro ng Malacañang. Noong pumasok ang dekada sitenta, nadestino sandali ang sarhento bilang warden ng Bulacan Provincial Jail, at nang ideklara ni Marcos ang batas-militar, naging on-call sa ilang walang pangalang misyon ang ama ni Dwight.

Namatay sanhi ng atake sa puso ang ikalawang asawa ng sarhento noong 1973. Pero sa bukana ng 1975, isang matandang dalagang mananahing taga-Paliwas, Obando ang naging panibagong asawa ng sarhento na noo'y nasa kalagitnaan na ng liyebo singkuwenta ang edad. Akala ng maraming taga-Malinta, hindi na magkakaanak pa ang bagong mag-asawa. Laking tuwa ng pulis-Bulacan nang mabuntis ang asawang apatnapu't limang taon na ang edad. Ipinanganak na nga si Dwight na ipinangalan sa isang tanyag na Amerikanong heneral noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang pagsilang ni Dwight ang naging dahilan upang magpadestino ang ama bilang pulis-Valenzuela hanggang sa magretiro noong 1980.

Matapos ang pormal na pagtatapos ng tungkulin bilang alagad ng batas dahil sa katandaan, kinuha si Sarhento Kardo ng gobernador bilang sibilyang hepe ng close-in security. Tumulong si Sarhento Kardo sa dalawang ulit na pagkandidato ng gobernador. Nang tuluyang iwan ng gobernador ang pulitika dahil sa dalawang magkasunod na pagkabigo, tuluyan na ring nagretiro ang sarhento. Binuhay sila ng pananahi ng nanay ni Dwight habang ang sarhento naman ay nag-umang ng anim na lambat sa isang ilog ng Polo, Valenzuela para sa pang-araw-araw na ulam at paminsan-minsang pagkalakal ng isda, lalo kung marami ang huli, sa punduhan ng Obando.

"Matulis talaga si Kardo, nakadali pa ng isa …" bati ng pangulo ng pederasyon sa kanilang dalawa ni Mang Luis matapos rebyuhin ang sertipikong nagpapatunay na ang kaniyang ama ay beteranong taga-Valenzuela. Kinuskos ng pangulo ang buhok sa tuktok ni Dwight. Ginulo-gulo. Dating tinyente sa digmaan na naging koronel sa pagreretiro ang pangulo ng pederasyon. Ngumisi bago umupo at pirmahang isa-isa ang dokumento.

"Dapat ang pangalan ng tatay mo, Pabling, hahaha," buska ng matikas pa ring pangulo habang pinipirmahan ang limang kopya ng sertipiko. "Akalain mong may iba palang tinatrabaho si Kardo sa Obando kahit kasama si Gob."

"Hindi lang basta killer, wife-killer din, dal'wang ulit nang nabiyudo, heto't may pakolehiyuhin pa," tudyo naman ng isang beteranong taga-Coloong na nagpakilalang kalihim ng pederasyon na siyang bumalangkas ng sertipikong pinipirmahan ng pangulo.

"Hayaan n'yo na, yumao na ang killer," ngumisi si Mang Luis, sabay kindat sa pangulo. Tila ipinaramdam na huwag magsalita sa harap ni Dwight lalo na ang nahihinggil sa salitang "killer" na may diin ang pagkakasabi.

"Swerte, napakaswerte ni Kardo, nakalikida pa ng dalawang asawa …" umiiling ang pangulo habang nilalagdaan ang sertipiko.

Ilang araw nang kasama ni Dwight si Mang Luis. Sa buong barangay, siya ang fixer ng mga beterano, o mga naulila ng beterano na alipin na ng sakit o tinatamad nang asikasuhin ang kung anuman ang para sa kanila dahil sa talaksan ng prosesong kakaharapin. Inaayos ni Mang Luis ang mga claim tulad ng pensyon, hospitalization benefit, benepisyong gamot, o kapag nagkakaaberya ang tinatanggap na pensyon. Kung mamatay ang beterano, nilalakad din ni Mang Luis sa Philippine Veterans Affairs Office o PVAO ang mga benepisyo para sa naulila: burial benefit, pagsasalin ng pensyon sa biyuda at naulilang anak na wala pang disiotso anyos tulad ni Dwight, at katulad ng inaareglo nila nitong mga nagdaang dalawang linggo: ang burial benefit, ang pagsasalin ng pensyon sa biyuda ng sarhento, ang santaong pensyon ni Dwight, at ang college scholarship benefit sa kaniyang dapat sana ay noon pa naasikaso kung hindi lang dahil sa diabetes ng ama na naging sanhi ng pagkaputol ng paa at pagkakadestino nang pirmihan sa wheelchair.

Kakaibang hamon kay Mang Luis ang pag-areglo ng college scholarship benefit dahil karamihan sa mga anak ng beterano ay may edad na at may mga sarili nang pamilyang hindi na nangangailangan pa ng college scholarship benefit. Kakaiba pa dahil natapat daw ang pag-aayos ng papel sa mas makabagong paraan ng pagpoproseso dahil sa bagong palit na pinuno ng PVAO na hindi na isang retiradong heneral, isa na raw politikong abogado na nagmula sa hanay ng pamilya ng politiko mula sa Pangasinan, ang lalawigan ng kasalukuyang pangulo ng bansa. Mas masuri, mas masusi daw ang bagong hakbang dahil sa mga natuklasang pekeng beteranong nakatatanggap ng mga benepisyo kahit na, sa wika nga ng mga taga-Valenzuela Veterans Federation,

kolorum na mandirigma. Kakaiba daw dahil bagong pagpapatunay ang kakailanganin para mapatunayang lehitimong beterano ang nilalakad. Kakaiba pang lalo ang kaso ni Dwight dahil sa kabila ng katandaan ng ama, si Dwight ay magkokolehiyo pa lamang. Ang kantyaw nga ng kalihim ng pederasyon, inihabol lang daw ang semilya ni Sarhento Kardo para pakinabangan ang scholarship at pensyon para sa anak na wala pang disiotso anyos.

Kaya ring ayusin ni Mang Luis ang mga GSIS benefit at maningil ng back-pay. Marami na rin siyang nakilala sa loob ng mga opisina na tuwi-tuwina niyang pinapasok para sa iba't ibang kadahilanan kung kaya si Mang Luis ang naging takbuhan ng mga beterano sa barangay na papakaunti nang papakaunti ang bilang sa bawat lumilipas na taon sa dami ng yumayao.

Katumbas ng dalawang buwang pensyon ang bayad sa pag-aasikaso ni Mang Luis sa mga benepisyo ng naulila ng sarhento, katumbas ng humigit kumulang limang libong piso. Kasama na rito ang lakaran para ayusin ang college scholarship ni Dwight. Sa mga pagkakataong nag-aasikaso ng mga benepisyo, kailangan ni Mang Luis ng kasamang kapamilya ng beterano upang magsilbing taga-audit, tagapirma, tagapondo, at kung kakailanganin, upang kapanayamin para mapatunayang lehitimo ang inaayos ng fixer ng mga beterano. Kaya ilang araw nang magkasama si Mang Luis at Dwight sa mga lakaran ng nanlilisik na Abril na iyon. Bukod sa bayad kay Mang Luis, kailangan din ang badyet para sa pamasahe, pangkain, pambayad sa notaryo at sedula, pampa-photocopy, at sa mga pagkakataong mabagal ang kilos ng mga dokumento o nangangawit ang braso ng mga dapat pumirma, pampadulas.

"Hindi gagalaw ang papel kung walang pampadulas," kabilin-bilinan ni Mang Luis sa nanay ni Dwight bago magsimula ang pag-aasikaso. Hindi naman laging pera ang "pampadulas." Natatandaan ni Dwight na kailangan niyang umorder ng isang bilaong pansit palabok sa Malabon para sa meryenda ng mga kasapi ng Valenzuela Veterans Federation. Natatandaan din niyang bumili sila ni Mang Luis ng tatlong babaeng alimango sa punduhan ng Obando bago sila magpunta sa PVAO para lamang sa hinihinging checklist at mga forms na may nakasulat namang malaking "not-for-sale" sa kanang bahagi ng form. Pero ang mga forms na ito ay nasa drawer ng ilang tauhan ng ahensiya. Hindi makikita nang basta-basta. Hindi makahihingi nang basta-basta.

Kasama ni Dwight si Mang Luis sa mahahaba at maiinit na pila sa Census, sa Registrar's office ng Quezon City dahil sa Veterans Hospital siya

isinilang noong 1976, sa Obando kung saan naman ikinasal ang kaniyang magulang, at sa Valenzuela para sa death certificate ng kaniyang ama na kilala sa barangay at sa mga kapwa beterano bilang Sarhento Kardo.

"BUKAS, PARA MAKATIPID, magbaon ka ng tanghalian natin. Sa Camp Aguinaldo tayo," paalala ni Mang Luis nang makauwi sila. Nagmamapa ang natuyong pawis sa kamiseta ni Dwight. Kalagitnaan na ng Abril at kailangang matapos nang Mayo ang paglakad sa mga benepisyo lalo na ang sa college scholarship. Gagamitin niya ito sa kolehiyo.

Nilakad lang nila ang loob ng malawak na kampo buhat sa gate sa Murphy. Hinanap ang Judge Advocate General's Office o JAGO para humingi ng clearance, patunay na walang kaso o utang ang kaniyang ama noong nabubuhay pa. Patunay na kung may kaso ay natapos ito sa pabor ni Sarhento Kardo at nabigyan siya ng walang bahid-dungis at marangal na pagreretiro sa serbisyo. Balikan daw sa isang linggo ang clearance certificate at service record sabi ng isang opisyal na nakatoka sa pag-iiskedyul kung kailan makukuha ang mga hinihinging dokumento. Hahanapin daw sa talaksan ng papel sa bodega ang record ni Sarhento Kardo.

Nang isumite sa PVAO ang mga dokumento buhat sa JAGO, may panibago na namang hinanap ang nag-iipon ng papel, isang nagpakilalang Loida na contact ni Mang Luis sa loob ng PVAO. Tinawag ni Dwight na Ate Loida ang contact. Siya rin ang opisyal na inabutan ni Mang Luis ng tatlong babaeng alimango sa simula ng kanilang kulang-kulang nang dalawang linggong paglakad sa kaniyang scholarship at mga benepisyo para sa kaniyang ina.

"Hanggang 1964 lang ang clearance at service record ng tatay nito sa AFP, akala ko ba 1980 nagretiro?"

Napalipat sa pulisya si Sarhento Kardo noong 1964. Kinuha ng munisipyo ng Valenzuela sa pamamadrino ni Gob na noo'y meyor pa lang. Nang manalo bilang gobernador ng Bulacan, kinuhang close-in security ang kaniyang amang naka-payroll bilang pulis. Nang magkulang sa bantay ang provincial jail, doon nadestino si Sarhento Kardo. Naging warden sandali bago palitan ng isang mas mataas na opisyal. Kaya hanggang 1964 lang ang service record sa JAGO.

Para daw makumpleto, hanapin sa Camp Crame ang record na nagpapatunay na pulis at warden ang ama ni Dwight. Panibagong lakad. Panibagong paghihintay. Panibagong "pampadulas."

MGA NAKA-CHART NA numero ng iskwad, kompanya, batalyon, dibisyon, ranggo, dekorasyon tulad ng purple merit, at buwan at taon ang nilalaman ng service record. Nakatala ang mga destino ni Sarhento Kardo pero hindi na mawari ni Dwight ang ibig pang sabihin ng halo-halong numero at letrang kumakatawan sa serbisyo ng ama mula Ikalawang Digmaang Pandaigdig hanggang 1964 sa Sandatahang Lakas. Walang nakalagay ni lugar kung saan nagkampo ang ama, kung saang lupalop nadestino. Kung ano ang nangyari. Walang detalye tulad ng pagpilipit sa leeg ng Hapon, pagbasag sa bungo gamit ang puluhan ng karbin, pagtakas sakay ng balsa buhat sa Bataan hanggang Hagunoy, mga kung saan-saang pananambang.

"Ganyan lang 'yan, hindi mo maiintindihan," imik kay Dwight ni Mang Luis na abala sa pagbabalat ng maliliit na halabos na hipon na ipinabaon sa kanila ng kaniyang ina pagpunta nila sa JAGO para kunin ang inaasam na dokumento. Hawak ni Dwight ang papel na ipina-photocopy nila nang limang beses. Gustong basahin ni Dwight ang pinagdaanan ng ama, pero ang mababanaagan lang ay simbolo. Hindi nga niya maintindihan. Wala ang inaasahan niyang naratibo ng kabayanihan.

Kabayanihan. Ito ang madalas ikuwento kay Dwight ng kaniyang ama noong nabubuhay pa. Noong kareretiro pa lamang at naghahayuma ng lambat na gagamitin sa ilog para mayroon silang makain katulong ang kinikita ng nanay niya sa pananahi ng damit na pambata kay Aling Elvie sa Obando; noong sinasamahan siya nitong mamasko sa mga kaibigang pulitiko; noong kapag namamasyal sila sa Malolos para kumustahin ang ninong na anak ng gobernador, para kumustahin at makahingi ng pera sa gobernador; noong naglalakad sila sa loob ng compound ng seminaryo sa Guiguinto.

"Bayani ako, anak. Marami akong napatay na Hapon."

Iba't ibang bersyon ng pangungusap na iyon ang narinig niya bago tuluyang kamkamin ng pag-uulyanin ang ama. Madalas puno ng detalye. Kung paano pinilipit ng kaniyang ama, na noo'y dadalawampu't dalawang taong gulang, ang leeg ng isang nawalay sa pangkat na Hapon; kung paanong pinasabog ng ama ang bao ng ulo ng isang Hapong nakatulog sa gilid ng kalsada ng Bambang, Bulakan, Bulacan, gamit ang mismong karbin na inagaw dito. Tuluyan na daw nahimbing nang dilat ang Hapon. Lawit ang dila. Nakahilamos sa mukha at leeg ang malagkit na dugo.

Beterano ng giyera. Napalaban sa kabundukan ng Mariveles, Bataan. Nasugatan sa hita. Nakatakas patawid sa Bataan hanggang Hagunoy sakay ng giray na balsang gawa sa mga saha ng saging. Nilakad sa loob lang ng

isang gabing nagkalat ang mga Hapon ang Hagunoy hanggang Malinta para magkubli at magpagaling sa malaria at magpahilom ng sugat. Nang lumakas, sumapi sa gerilya sa San Jose del Monte at sa Cabiao, Nueva Ecija.

"Sa'n mo ba balak magkolehiyo?" Ngumunguya si Mang Luis. Nasa ilalim sila ng isang punong akasya sa loob ng Camp Crame. Hinihintay ang pagdating ng opisyal na pipirma sa sevice record ni Sarhento Kardo bilang pulis at jail guard.

"Sa Adamson po sana. Pwede ring PUP, dun gusto ni Sis. Gab," sagot ni Dwight habang tinataktak sa basurahan ang sungot at pinagbalatan ng maliliit na hipon.

"Wag ka na sa PUP, mura lang matrikula, saka malalason lang isip mo dun, hindi ka ba kumuha ng eksamen sa UST? Kahit Ateneo sagot nito," ang 'nito' ay ang college scholarship benefits.

Umiling si Dwight.

"Sayang … mas mahal na matrikula, mas maganda."

Habang umiinom sila sa garapon ng baong tubig na lumigamgam na sa init ng panahon, binuklat at sinubukang basahin muli ni Dwight ang service record ng pagiging pulis ng kaniyang ama. Tulad ng service record sa AFP, puro destinong kinakatawan ng numero ang nakatala sa papel: Valenzuela Municipal Police Force, 425th PC-INP Bulacan mobile force, 35th Bulacan Light Reaction PC-INP, Bulacan Prov'l Jail, ang malinaw lamang kay Dwight ay ang taon at ranggo kung kailan at anong tropa ang destino ng kaniyang ama. Bukod doon, wala nang mahagilap na detalye sa service record. Wala ni lugar, wala ring detalye ng aksyon, ng engkuwentro tulad ng lagi niyang nabibigyang-buhay kapag nagkukuwento ang ama.

"Ano ba gusto mong makita d'yan?" kibo ni Mang Luis matapos ibuga ang minumog na tubig, "Kung ano pinaggagawa ng tatay mo habang nasa serbisyo?"

Gustong sagutin ni Dwight si Mang Luis, itanong kung ano nga ba ang detalye sa napilipit na leeg, sa paglangoy mula Bataan hanggang Hagunoy, sa binasag na bungo gamit ang karbin. Sa loob lang ng ilang araw na pag-aayos ng papel para sa benepisyo, hinuhubaran ng kabayanihan ng mga kapwa beterano ang kaniyang ama. Nagsimula ito sa mga kantiyaw sa loob ng Valenzuela Veterans' Federation, sa mga pahaging ni Mang Luis kapag nasa biyahe sila, "dapat kasi noon pa inihanda ng tatay mo ang lahat ng ito," ngayong kumakain, at ang nakatalang numero at titik lamang sa dapat sana,

inaasahan ni Dwight, ay mga service record ng kabayanihan ng kaniyang ama, na matagal at mainit nilang hinintay sa mga opisina.

"Wala akong alam kung pa'no nakabalik ang tatay mo sa Malinta, nasa Gumaca ako hanggang Liberation," pagtatapat ni Mang Luis hinggil sa digmaan. "Na-assign naman ako sa Camp O'Donell sa Tarlac pagkatapos ng g'yera, nakipagbakbakan sa Huk. Hindi ko alam kung nas'an na si Sarhento nun."

Tiningnan ni Dwight ang taon sa service record ng AFP, 1954. Katapat nito ang mga titik na "Sig sq. 364th Co., 8th inf. Bat. 2nd A. Brig. 1 Div. P/fc."

"Signal squad. Taga-radyo lang ng impormasyon. Sa bandang Tanay sa Rizal ang kampo," kumpirmasyon ni Mang Luis, itinuturo ng daliri ang linya ng mga titik at numero. Nanakit ang tenga ni Dwight sa salitang 'lang' sa "Taga-radyo 'lang' ng impormasyon." Para kasing diniinan ni Mang Luis ang salita.

Taga-radyo. Sa mga napapanood ni Dwight na pelikula tungkol sa giyera, laging unang namamatay o kung hindi man ay unang nasusugatan nang malubha ang nagraradyo ng impormasyon. Pero wala siyang matandaang giyera noong 1954. Walang aksyon.

Kritikal ang taga-radyo sa labanan, kung hindi dahil sa impormasyon ng taga-radyo, walang pupuksain ang bida. Hindi malalaman kung nasaan ang kalaban.

"Nasa Pampanga at Tarlac ang g'yera nun, dahil sa Huk," dagdag pa ni Mang Luis na binabasa ng baon nilang tubig ang labakara na ipinanghilamos sa mukha para mapawi ang init ng tanghaling tapat ng Abril na iyon. Parang nahiwatigan ni Mang Luis ang iniisip ng pananahimik ni Dwight: kung anong giyera ang mayroon noong 1954, kung ano ang papel, ang kabayanihan ng kaniyang ama.

Nadestino daw sa isang kampo ng kompanya ng sundalo si Mang Luis sa Candaba sa Pampanga. Sakop ng kanilang brigada ang Baliwag hanggang Gapan sa Nueva Ecija. Kung may engkuwentro laban sa mga Huk, nararating nila hanggang Cabanatuan o San Jose bilang reinforcement o check point sa tumatakas na mga taong-labas papunta ng Isabela. Sa Cabanatuan niya nakilala si Aling Estela. Sa Cabanatuan sila tumira ng asawa habang nasa serbisyo sa Gitnang Luzon. Nang buuin ang PC-INP, nagpadestino siya sa Navotas para mapalapit sa Malinta kung saan siya umuuwi. Sa kaniyang

posisyon sa Metrocom bilang tinyente sa Kalookan inabutan ng pagreretiro si Mang Luis noong 1979. Tinyente siya nang nagretiro.

"Sa PC ko na nakilala ang tatay mo, 1965 yata, na kay Gob na sya nun."

Nang mapalipat sa kandili ni Gob si Sarhento Kardo, isinalaysay niya kay Dwight sa ilang maliliit na pag-uusap ang trabaho ng ama sa among gobernador. Namamahala siya ng palaisdaan ng bangus at lapu-lapu sa Atlag sa Malolos, tagapamahala ng kampanya sa iba't ibang bayan sa Bulacan kapag panahon ng eleksyon, tagapadrino sa kung kani-kaninong humihingi ng tulong sa gobernador. Pero sa maraming pagkakataon, gwardya at close-in security ni Gob ang sarhento dahil maraming rebelde noon sa Bulacan na nagbabantang pumatay kay Gob.

"Magaling ang tatay mong magpa-amin at magpaamo ng rebelde at taong-labas kaya gustong-gusto s'ya ni Gob." Pero hindi na daw niya dapat pang malaman kung paano pinaaamo ni Sarhento Kardo ang mga rebelde. Hindi raw pambata ang kuwento kung paano nagpapaamo ang sarhento, hindi pambata ang detalye. Kaya daw hindi ito ikinukuwento ng sarhento sa anak dahil baka hindi pa daw nito maintindihan ang ginawa ng ama. Bukod daw sa talagang lihim ang ginagawa nito sa poder ng gobernador.

Tahimik lang si Dwight. Pero sa paraan niya ng pagsulyap kay Mang Luis, na dahil sa init ay nagpapaypay na gamit ang mga folder ng papel na naipon nila sa dalawang linggong paglalakad ng mga benepisyo para sa kaniya at sa inang naulila, natunugan ni Dwight na mayroon itong nalalaman sa lihim. Nilalaro ni Dwight sa isip ang salitang "hindi pambata" na sinabi ni Mang Luis.

"Kaya ka n'ya gustong pagpariin dati, padrino sa langit, parang ate mong madre," pabulong ngunit napakalinaw na narinig ni Dwight na sinabi ni Mang Luis. Padrino sa langit. Dahil masama marahil ang ama, dahil siguro sa kung anumang ginawa nito bilang sundalo at pulis. Dahil sa pagpapaamo? Hinahanapan ng katuwiran ni Dwight ang sinasabi ni Mang Luis. Hindi ba't pumapatay talaga ang sundalo't pulis? Lalo kung nagigipit ng kalaban, dahil kung hindi, sila ang papatayin ng kalaban. Tulad ng ginawang kabayanihan ng ama sa pagpilipit ng leeg ng Hapon, tulad ng pagpapasabog ng bungo gamit ang karbin. Tulad ng kahit anong pelikulang mararahas tungkol sa giyera.

Kaya namuni ni Dwight na makahulugan ang salitang "killer" na pabirong binanggit—pero mariing binanggit—ng kalihim ng pederasyon at ni Mang Luis sa loob ng tanggapan tungkol sa kaniyang ama.

“’Kala ko po nagpapaamo ng kalaban tatay ko? Sabi n’yo,” urirat ni Dwight sa matandang beteranong noo’y naghahanda na sa pagbalik sa opisina ng pipirma sa kung anong pagpapatunay na malinis ang service record ng ama bilang PC, bilang pulis, bilang alagad ng batas.

Ayon kay Mang Luis, iba ang ibig niyang sabihin sa pagpapaamo ng ama sa mga rebelde. Napapaamin daw nito ang kahit sinong taong-labas, nagagawa daw nitong maging rebelde o taong-labas o tulisan ang kahit sinong magsasaka sa Bulacan na pinaghihinalaan. Kahit kalabaw daw kaya niyang paamining rebelde noong panahon ni Gob at Marcos. Pero hindi raw niya dapat marinig ang detalye buhat kay Mang Luis. Na sinimulan nang usisain lalo ni Dwight. Buong araw hanggang nakasakay na sila ng bus sa Cubao pabalik ng Malinta taglay ang kumpletong papeles na isusumite sa PVAO kinabukasan. Ilang araw na lang ay matatapos na ang pag-aareglo ng mga dokumento. Ilang linggo na lang ay matatanggap na ng kaniyang ina ang kauna-unahang pensyong pamana ng amang alagad ng batas. Ilang buwan na lang ay magsisimula nang magkolehiyo si Dwight. At ilang araw na lang, baka hindi na niya makausap pa si Mang Luis tungkol sa kaniyang amang bayaning beterano ng digmaan.

HINDI NA NAGBAON ng tanghalian kinabukasan si Dwight para sa kanila ni Mang Luis. Matapos isumite ang mga kakailanganing dokumento para sa mga benepisyo ni Sarhento Kardo, niyaya niya ang beteranong fixer na mananghalian sa fast food sa Monumento. Tumanggi si Mang Luis, mahal daw, sa bahay na lang daw siya kakain. Pero naggiit si Dwight, bilin daw ng ina nito dahil sa tulong ng matandang beterano sa pag-aayos ng papel. Tutal daw, iyon na ang huling paglakad kung kaya wala nang inaasahan pang pagkakagastusan ang biyuda ng sarhento. Kung hindi raw papayag si Mang Luis, kagagalitan daw siya ng kaniyang ina.

Baka daw dumating sa isang linggo ang kompirmasyon na iskolar na si Dwight ng PVAO. Dapat daw malinaw na sa kaniya kung saang unibersidad mag-aaral at kung anong kurso. Pero hindi ito ang gustong mapakinggan ni Dwight buhat kay Mang Luis.

“Pa’no po nagpapaamo si tatay?”

Natigilan si Mang Luis sa pagpiraso ng pritong manok. Nag-apuhap ng isasagot sa tanong ng bunso ng sarhento. Kahapon pa ito nangungulit. Binuksan niya ang lagi nang dalang lumang katad na briefcase na sisidlan ng mga dokumentong kinalap nila ni Dwight sa dalawang linggong pag-

aasikaso ng benepisyo. Inilabas ang isang itim na bolpeng inilapit sa mukha ni Dwight.

"Tatay mo ang nagpasimula ng ganitong pagpapaamo," marahan ang tinig ng beteranong fixer, "siya ang unang gumawa nito sa Bulacan. Malinis na malinis."

Isipin daw ni Dwight na ang bolpen ay isang matulis na matulis na icepick. Dahil nakagapos ang paa't kamay ng sinumang nais paamuin o paaminin—taong-labas man, magnanakaw, o rebelde—bukod pa sa hawak ng iba pang PC sa buong katawan ang pusakal na ito, babaluktutin daw ang tuhod. Todong pagkakabaluktot. At sa ibabaw ng talukap ng tuhod, dahan-dahang ibabaon ang icepick hanggang sa buto. At kapag nakabaon na sa talukap ng tuhod, kahit ilang milimetro lang mula sa balat, saka paiikutin, pagagalawin, pasasayawin ang dulo ng icepick na nakabaon. Kakayurin ang tuhod. Malinis, walang kadugo-dugo. Sasagutin nang pumapalahaw ang kahit anong tanong ng sinumang kinakalikot ang tuhod ng sayaw ng icepick. Aaminin ang kahit anong nais ipaamin ng amang sarhento ng PC. Masakit pero minsan daw kailangan itong gawin upang pigilan ang pagdami ng taong-labas sa lalawigang sakop ni Gob, sa bansang sakop ni Marcos. Makirot na makirot pero malinis na malinis. Walang kadugo-dugo. Walang dumi ng pangunguryente, walang tilamsik ng water cure o panlulunod.

"Masasamang tao lang naman ang ginagawan nun, kapag mabait naman, tinutulungan pa ngang magkatrabaho, umayos ang buhay. Mas maraming natulungan ang tatay mo," pang-aalo ni Mang Luis kay Dwight na natigagal sa narinig na detalye. Napangiwi. Gumapang sa batok hanggang anit ni Dwight ang kilabot. Ang kirot ng salita. Ang pagpapaamo ng ama sa mga pusakal ng Bulacan.

Hindi halos napangalahati ni Dwight ang pulang-pulang spaghetting dati'y paborito niya't inaasam-asam. Nag-alala si Mang Luis sa naging reaksyon ni Dwight, sa pagkatigagal ng anak ng beterano.

Umasim ang sikmura ni Dwight. Umakyat, gumuhit sa lalamunan ang mainit na singaw ng asido ng tiyan. Dumighay si Dwight. Akala niya ay hangin ang ididighay ng lalamunan, pero naroon ang maasim, matamis na sarsa, naroon ang solidong pagkaing nagpumilit lumabas sa kaniyang bibig. Tumakbo siya patungo sa kubeta ng fast food, dala ang isang bungkos ng tissue para pahiran ang bungangang inaagasan ng suka.

"Kaya mag-aaral kang mabuti," pag-aamo ni Mang Luis sa tulala pang si Dwight na bumalik na sa mesa't nagpapahid ng bibig. Sayang daw ang

pinagpaguran ng kaniyang ama para maging mapayapa ang kasalukuyang panahon. Sayang daw ang sakripisyo ng ama kung hindi pagbubutihin ni Dwight ang pag-aaral, sayang ang iba pang benepisyong tatamasahin nilang mag-ina. Pumili daw siya ng mga unibersidad na mahal ang matrikula para pakinabangan nang husto ang scholarship. Aalamin daw niya kapag nagkaroon siya ng pagkakataong makabalik sa PVAO kung uubra sa matrikula sa seminaryo ang benepisyong libreng paaral sa mga anak ng beterano ng digmaan, mga beteranong matapat at matapang na tumupad sa tungkuling iniatas ng bayan.